



GABAY NG MGA MAGULANG hinggil sa Inirerekomenda at Kinakailangang mga Bakuna



Talaaan ng Mga Nilalaman

Kung Bakit ang Inirerekomenda at Kinakailangang
Mga Bakuna para sa Iyong Anak ay Mahalaga 1

Mahalagang Masiguro na Napapanahon ang Iyong Anak
sa Lahat ng Karaniwang Bakuna1

Inirerekomenda na Iskedyul ng Pagbabakuna para sa
Mga Bata Mula sa Kapanganakan Hanggang sa 6 Taong gulang 2

Inirerekomenda na Iskedyul ng Pagbabakuna para sa
Mga Batang 7 Taon Hanggang sa 18 Taong gulang 3

Mga Bakunang Kinakailangan para sa Pangangalaga ng Bata
(Bago pumasok sa Kindergarten) 4

Mga Bakunang Kinakailangan para sa Pagpasok sa Paaralan 5

Pagpapanatili ng Talaan ng mga Bakuna ng Iyong Anak 6

Hindi Makita ang Talaan ng Bakuna ng Iyong Anak? 6

Sundin ang mga Hakbang na Ito Upang Matiyak
Na Napapanahon ang Iyong Anak 7

Mayroon Ka Bang mga Tanong Tungkol sa
Mga Karaniwan at Kinakailangang Pagbabakuna? 8

Paano Makakuha ng Mga Karaniwan at Kinakailangang Pagbabakuna 9

Ano ang mga Pakinabang ng
Mga Karaniwan at Kinakailangang Pagbabakuna? 9

Mga Hakbang na Dapat Gawin BAGO Mabakunahan ang Iyong Anak 10

Tagasubaybay ng mga Masamang Epekto 11

Ibang Mga Mapagkukunan 12

Mga Sertipiko 13 & 14

Kung Bakit ang Inirerekomenda at Kinakailangang Mga Bakuna para sa Iyong Anak ay Mahalaga

Ang pagbabakuna sa mga bata sa inirerekomenda na iskedyul ay nagsasanggalang sa kanila mula sa 15 posibleng malulubhang sakit kabilang na ang polio, pertussis, bulutong-tubig, tetano, tigas, at iba pa.

- Pinalalakas ng mga pagbabakuna ang sistema ng imyunidad ng bata at nagbibigay ng pananggalang bago malantad ang bata sa posibleng nakamamatay na mga sakit.
- Ang mga karaniwang pagbabakuna ay nagsasanggalang sa iyong anak at tumutulong upang magsanggalang sa iba pang mga bata, mga kaibigan, at pamilya sa komunidad.
- Ang pagbabakuna ay isang mahalagang kasangkapan upang mapanatiling malusog ang mga bata, ligtas at nasa pangangalaga sa bata at paaralan.
- Sinusuri ang mga produktong bakuna upang matiyak na ligtas at mabisa ang mga ito para sa mga bata sa inirerekomendang edad ng pagbabakuna
- Ito ay ligtas na makatanggap ng mga pangkaraniwang pagbabakuna sa pagkabata nang sabay-sabay sa bakuna sa COVID-19 o bakuna sa trangkaso.



Mahalaga na ang Iyong Anak ay Napapanahon sa Lahat ng mga Karaniwang Pagbabakuna

- Ang pagpapanatiling napapanahon ang mga bakuna ng iyong anak ay isa sa pinakamabisang paraan upang mapangalagaan ang kanyang kalusugan. Tanungin ang iyong doktor kung aling pagbabakuna ang kailangan ng iyong anak, at kung kinakailangan, kung paano makakahabol sa mga naantalang bakuna.



Mag-click dito o, i-scan ang QR code na ito, para sa karagdagang impormasyon sa listahan ng mga bakuna na maaaring kailanganin ng iyong anak.

Inirerekomenda na mga Pagbabakuna para sa mga Bata Mula sa Kapanganakan Hanggang sa 6 Taong gulang

Ang pagsunod sa inirerekomendang iskedyul ng pagbabakuna ay nagbibigay sa iyong anak ng pinakamainam na pananggalang mula sa malulubhang sakit.

Makipag-usap sa tagapangalaga ng kalusugan ng iyong anak para sa higit pang patnubay kung:

- 1. Ang iyong anak ay may anumang medikal na kondisyon na naglalagay sa kanila sa mas mataas na panganib para sa impeksyon.
- 2. Ang inyong anak ay naglalakbay sa labas ng Estados Unidos.
- 3. Ang iyong anak ay nakaligtaan ang pagbabakuna na inirerekomenda para sa kanilang edad.

Mahalagang punto



LAHAT ng mga batang nasa edad ay dapat na bakunahan sa edad na ito.



ANG ilang bata ay dapat na magkaroon ng ganitong dosis ng bakuna o pangontrang antibody sa edad na ito.

Bakuna o Panlaban-sa-Sakit na Antibody	Kapan ganak an	1 Buwan	2 Mga buwan	4 Mga buwan	6 Mga buwan	7 Mga buwan	8 Mga buwan	12 Mga buwan	15 Mga buwan	18 Mga buwan	19 Mga buwan	20-23 Mga buwan	2-3 Mga taon	4-6 Mga taon	
RSV antibody	Oo, maliban kung naibigay na ang bakuna sa ina						Para sa ilang mga pasyente na may mataas na panganib								
Hepatitis B	Dosis 1	Dosis 2			Dosis 3										
Rotavirus			Dosis 1	Dosis 2	Dosis 3										
DTaP			Dosis 1	Dosis 2	Dosis 3				Dosis 4					Dosis 5	
Hib			Dosis 1	Dosis 2	Dosis 3			Dosis 4							
Pneumo-coccal			Dosis 1	Dosis 2	Dosis 3			Dosis 4							
Polyo			Dosis 1	Dosis 2	Dosis 3								Dosis 4		
COVID-19					Hindi bababa sa 1 dosis ng napapanahong -bkuna laban sa COVID-19							Tingnan ang susunod na pahina →			
Influenza/Trangkaso					Bawat taon; dalawang dosis na inirerekomenda kung tatanggap ng bakuna sa unang pagkakataon										
MMR								Dosis 1						Dosis 2	
Bulutong-tubig								Dosis 1						Dosis 2	
Hepatitis A								2 dosis na may pagitan na 6 na buwan							

Mga Inirekomendang Pagbabakuna Para sa mga Bata 7 hanggang 18 Taóng Gulang

Ang pagsunod sa inirerekomendang iskedyul ng pagbabakuna ay nagbibigay sa iyong anak ng pinakamainam na pananggalang mula sa malulubhang sakit.

Makipag-usap sa tagapangalaga ng kalusugan ng iyong anak para sa higit pang patnubay kung:

- 1. Ang iyong anak ay may anumang medikal na kondisyon na naglalagay sa kanila sa mas mataas na panganib para sa impeksyon.
- 2. Ang inyong anak ay naglalakbay sa labas ng Estados Unidos.
- 3. Ang iyong anak ay nakaligtan ang pagbabakuna na inirerekomenda para sa kanilang edad.

Mahalagang punto

 LAHAT ng batang nasa grupong pang-edad ay **dapat** mabakunahan

 ILAN sa mga batang nasa grupong pang-edad ay **dapat** mabakunahan

 LAHAT ng mga batang nasa grupong pang-edad ang **maaaring** mabakunahan

 Ang mga magulang/tagapang-alaga ay dapat makipag-usap sa kanilang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang magpasya kung ang bakunang ito ay tama para sa kanilang anak

Inirerekomenda ng mga Bakuna	7 Mga taon	8 Mga taon	9 Mga taon	10 Mga taon	11 Mga taon	12 Mga taon	13 Mga taon	14 Mga taon	15 Mga taon	16 Mga taon	17 Mga taon	18 Mga taon
HPV												
Tdap ¹												
Meningococcal ACWY												
Meningococcal B												
Influenza/Trang kaso												
COVID-19												
RSV												
Mpox												
Dengue												

¹ Isang dosis ng Tdap ang inirerekomenda sa bawat pagbubuntis

Mga Bakunang Kinakailangan para sa Pangangalaga ng Bata (Bago pumasok sa Kindergarten)

Upang maprotektahan ang mga bata laban sa mga malubhang impeksyon, hinihiling ng batas sa pagbabakuna sa paaralan ng California na makatanggap sila ng mga pagbabakuna bago pumasok sa kindergarten (pag-aalaga sa bata o preschool) at TK-12 na mga paaralan.

Hinihiling din ng batas na ipatupad ng mga pasilidad at mga paaralan bago pumasok sa kindergarten ang mga kahilingan sa pagbabakuna, panatilihin ang mga rekord sa pagbabakuna ng lahat ng mga batang nakatala, at magsumite ng mga ulat sa kalusugang pambayan. Dapat ipakita ng mga magulang ang Talaan ng Pagbabakuna ng kanilang anak bilang katibayan ng pagbabakuna.

Ito ang mga kahilingan sa pagbabakuna para sa pagpapasimula ng pag-aalaga sa bata o bago pumasok sa kindergarten.

Edad	Bakuna at Kailangang mga Dosis
2-3 Buwan	1 Polyo, 1 DTaP, 1 Hep B, 1 Hib
4-5 Buwan	2 Polyo, 2 DTaP, 2 Hep B, 2 Hib
6-14 Buwan	2 Polyo, 3 DTaP, 2 Hep B, 2 Hib
15-17 Buwan	3 Polyo, 3 DTaP, 2 Hep B, 1 Hib (Sa o pagkatapos ng unang kaarawan), 1 Varicella, 1 MMR (Sa o pagkatapos ng unang kaarawan)
18 na Buwan hanggang 5 Taon	3 Polyo, 4 DTaP, 3 Hep B, 1 Hib (Sa o pagkatapos ng unang kaarawan), 1 Varicella, 1 MMR (Sa o pagkatapos ng unang kaarawan)

DTaP = diphtheria toxoid, tetanus toxoid, at bakuna para sa acellular pertussis

Hib = Haemophilus influenzae, type B vaccine

Hep B = bakuna para sa hepatitis B

MMR = bakuna para sa measles, mumps, at rubella

Varicella = bakuna para sa bulutong-tubig

Hango sa Sangay ng Pagbabakuna ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng California



[Mag-click dito o, i-scan ang QR code na ito,](#)
para sa karagdagang impormasyon sa listahan
ng mga bakuna na maaaring kailanganin ng
iyong anak.

Mga Bakuna na Kinakailangan Para sa Pagpasok sa Paaralan

Sa ibaba, makikita mo ang mga bakuna na kinakailangan para sa Transitional Kindergarten at Grades K-12.

Ang mga Estudyante na Pinasok sa Transitional Kindergarten at Grades K-12 ay Kailangan:

Diphtheria, Tetanus, at Pertussis (DTaP, DTP, Tdap, o Td) - 5 dosis

(4 dosis OK kung ang isa ay ibinigay sa o pagkatapos ng ika-4 na kaarawan..
3 dosis OK kung ang isa ay ibinigay sa o pagkatapos ng ika-7 na kaarawan.)
Para sa ika-7 hanggang sa ika-12 na baitang, hindi bababa sa 1 dosis ng bakuna na naglalaman ng pertussis ang kailangan sa o pagkatapos ng ika-7 na kaarawan.

Polyo (OPV o IPV) – 4 na dosis

(3 dosis OK kung ang isa ay ibinigay sa o pagkatapos ng ika-4 na kaarawan)

Hepatitis B – 3 na dosis

(Kailangan ang tala para sa pagpasok sa ika-7 na grado)

Measles, Mumps, at Rubella (MMR) - 2 na dosis

(Parehong ibinigay sa o pagkatapos ng unang kaarawan)

Varicella (Bulutong-tubig) – 2 na dosis

Ang mga Estudyante na Nagsisimula sa Ika-7 na Baitang ay Nangangailangan:

Tetanus, Diphtheria, Pertussis (Tdap) – 1 dosis

(Kadalasang ibinigay ang booster laban sa whooping cough sa edad na 11 pataas)

Varicella (Bulutong-tubig) – 2 na dosis

(Kadalasang ibinigay sa edad na 12 buwan at 4–6 na taon)



Mag-click dito o, i-scan ang QR code na ito, para sa karagdagang impormasyon sa listahan ng mga bakuna na maaaring kailanganin ng iyong anak.

Pagpapanatili ng Talaan ng mga Bakuna ng Iyong Anak

Ang opisina ng iyong doktor ay maaaring magbigay sa iyo ng isang **Yellow Immunization Card** na may petsa, uri ng bakuna, at impormasyon sa dosis na ibinigay sa iyong anak.

Ilagay ang talaan na ito sa isang ligtas na lugar kung saan madali mo itong makikita. Gamitin ang folder sa buklet na ito upang iimbak ang mga talaan ng pagbabakuna.

Dalhin ang talaan ng pagbabakuna ng iyong anak sa bawat pagbisita sa doktor ng iyong anak.

Dalhin ang card na ito sa paaralan ng iyong anak bilang patunay na natanggap mo ang kinakailangang mga pagbabakuna.

Hindi Makita ang Talaan ng Bakuna ng Iyong Anak?

Narito ang ilang lugar upang magsimula:

- Ang mga opisina o klinika ng doktor kung saan ang mga iniksiyon ay ibinibigay kamakailan. Kung mawala ang card, ang opisina ng doktor ay maaaring madaling mag-impenta ng isa pang kopya para sa iyo.
- Mga paaralang pinasukan ng bata noon. Sinusuri at iniuulat ng mga paaralan ang mga pagbabakuna para sa lahat ng kanilang mga mag-aaral at maaaring makahanap ng mga lumang talaan.
- Maaari ka ring makakuha ng tulong mula sa California Immunization Registry (CAIR). <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/CAIR/Pages/CAIR-Records.aspx>
- Upang humiling ng kopya ng digital na talaan ng isang bata, pumunta sa The California Digital Vaccine Record Portal Request <https://myvaccinerecord.cdph.ca.gov/>

PAALALA: Kung ang mga talaan ay hindi mahanap, ligtas para sa isang bata na muling tanggapin ang ilan sa mga pagbabakuna.

Pagpapanatili ng Talaan ng mga Bakuna ng Iyong Anak ay magpapatuloy

Iiniingatan ng California Immunization Registry (CAIR) ang mga talaan ng pagbabakuna ng inyong anak na ligtas at buo-buo kahit na kung magpapalit kayo ng mga doktor, nawala ang iyong "yellow card", o lumipat sa loob ng California.

Ang Immunization Registry ay isang ligtas na online na sistema na nag-iimbak ng mga talaan ng pagbabakuna. Maaari lamang itong gamitin ng mga doktor, ospital, mga departamento ng pampublikong kalusugan at iba pang mga napiling programa na naglilingkod sa mga bata.



Mag-click dito o, i-scan ang QR code na ito, para sa karagdagang impormasyon sa listahan ng mga bakuna na maaaring kailanganin ng iyong anak.

Sundin ang mga Hakbang na Ito upang Masiguro na Napapanahon ang Bakuna ng Iyong Anak

1. Mag-iskedyul ng pagbisita//pisikal na pagsusuri ng iyong anak nang maaga – bago magsimula ang pasukan sa paaralan. Ang tagsibol o tag-araw na pahinga ay isang mahusay na oras upang magawa ito upang hindi ka maantala pagpasok ng paaralan.
2. Tanungin ang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak kung anong pagbabakuna ang inirerekomenda nila. Ang ilan sa mga ito ay hindi kinakailangang para sa pagpasok sa paaralan subalit lubos na inirerekomenda ng mga manggagamot para sa lahat ng mag-aaral.
3. Kumuha ng kopya ng talaan ng pagbabakuna sa tuwing ang iyong anak ay nakatanggap ng bakuna.
4. Itago ang talaan sa isang ligtas na lugar kung saan madali mo itong mahahanap. Gamitin ang folder sa harap ng buklet na ito.
5. Ibigay ang kopya ng bagong talaan ng bakuna sa tagapagbigay ng serbisyo o paaralan ng inyong lugar.

May mga katanungan ka ba Tungkol sa mga karaniwan at kinakailangang bakuna?

I-check at/ o isulat
ang anumang mga katanungan na
mayroon ka para sa doktor ng iyong
anak at dalhin ang buklet na ito sa
kanilang susunod na appointment.



- ☐ Paano kung nakaligtaan ng aking anak ang isang dosis?
 - ☐ Bakit kailangan ng aking anak ng higit sa isang dosis o booster?
 - ☐ Ano ang dapat kong asahan pagkatapos ng pagbabakuna?
 - ☐ Gaano katagal bago maprotektahan ng bakuna ang aking anak laban sa sakit tulad ng polio?
-
-
-



Para sa mga sagot sa mga tanong na ito at higit pang impormasyon, i-scan ang QR code na ito kung mayroon kang cellphone na may camera.

Kung nasa computer, tingnan ang mga link sa ibaba:

www.cdc.gov/vaccines-children/about/index.html

www.cdc.gov/vaccines-children/reasons/index.html

www.cdc.gov/vaccines-children/before-during-after-shots/index.html

Paano Makakuha ng Mga Karaniwan at Kinakailangang Pagbabakuna

Tinitiyak ng [batas ng estado ng California](#) na ang mga bakunang inirerekomenda ng CDPH ay patuloy na sasaklawin ng mga tagapagseguro sa pangangalagang pangkalusugan na pinamamahalaan ng Estado ng California.

- Kung mayroon kang paseguro sa kalusugan o karaniwang tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan, makipag-ugnayan sa kanila para sa serbisyo ng pagbabakuna.
- Ang mga sanggol at mga bata ay maaaring mabakunahan ng kanilang doktor, at kung minsan sa isang lokal na parmasya. Tandaan na maraming botika ang hindi makakapagbabakuna ng mga batang wala pang 3 taong gulang.
- Kung ang iyong anak ay walang paseguro sa kalusugan o kulang ang paseguro*, maaaring karapat-dapat silang makatanggap ng libre o murang bakuna. Bisitahin ang ph.lacounty.gov/vaccineclinics upang makahanap ng listahan ng mga libre o murang mga klinika sa pagbabakuna sa LA County o tumawag sa (833) 540-0473 (Public Health Info Line) para sa tulong sa paghahanap ng klinika.

*Ang mga taong kulang sa paseguro ay may paseguro sa kalusugan, ngunit ang kanilang paseguro ay maaaring hindi sumasaklaw ng mga bakuna; maaaring saklaw lamang ang mga napiling bakuna; o maaaring magkaroon ng isang nakatakdang limitasyon ng dolyar/cap para sa mga bakuna.

Ano ang mga Pakinabang sa Karaniwan at Kinakailangang mga Bakuna?

- Ang pagbabakuna sa iyong anak ay ang pinakamahusay na paraan upang mapangalagaan sila mula sa malubhang sakit na dulot ng maraming karamdaman.
- Ang pagbabakuna sa iyong anak ay makakatulong sa pagpapanatili sa kanila sa paaralan at gawing mas ligtas para sa kanila na makilahok sa mga aktibidad ng grupo tulad ng:
 - ✓ Pagbisita sa pamilya, mga kaibigan, at mga kapitbahay
 - ✓ Pagpunta sa mga parke ng libangan at mga konsyerto

Ano ang iba pang mga pakinabang ng pagbabakuna sa iyong anak?

1. _____
2. _____

Mga Hakbang na Dapat Gawin **BAGO** Mabakunahan ang Iyong Anak



- Ka-usapin ang iyong anak tungkol sa kung ano ang maaaring mangyari kapag siya ay mababakunahan.
- Ipaalam sa kanila na maaari silang makaramdam ng “kaunting kurot,” “diin,” o “tusok.” Iwasan ang mga salitang gaya ng “kirot,” “iniksiyon,” o “karayom.”



- Ipaliwanag sa kanila na ang mga pagbabakuna ay makatutulong na maipagsanggalang sila sa pamamagitan ng pagpapanatili nilang malusog.
- Kung nasa hustong gulang na ang iyong anak, maaari mong planuhin ang kanilang pagbisita kasama sila. Halimbawa; tulungan silang sanayin ang mga ehersisyo sa paghinga na maaari nilang gamitin.



- Dalhin ang isang meryenda at paboritong laruan, libro, o kumot upang maging komportable habang naghihintay.



Isulat ang anumang iba pang mga bagay na plano mong dalhin sa susunod na appointment ng iyong anak upang makatulong na manatiling kalmado at komportable sila.







Tagasubaybay ng mga Masamang Epekto

Lagyan ng tsek ang anumang mga masamang epekto na naranasan ng iyong anak matapos ang kanilang appointment sa pagbabakuna, at isulat kung aling mga bakuna ang natanggap nila, kasama ang iba pang mga tala na nais mong ibahagi sa doktor sa kanilang susunod na pagbisita.

Masamang Epekto

- ☐ Wala
- ☐ Maaaring mamaga o mamula ang bahagi kung saan itinurok ang bakuna
- ☐ Lagnat
- ☐ Giniginaw
- ☐ Pananakit ng kalamnan
- ☐ Pananakit ng ulo
- ☐ Pakiramdam na pagod



Mga pagbabakunang natanggap sa huling appointment:

Iba pang mga tala:

Ibang Mga Mapagkukunan

Sangay ng Pagbabakuna ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California – Mga mapagkukunan ng magulang

Brosyur para sa mga magulang na may madaling maunawaan na iskedyl ng pagbabakuna Inirerekomenda na mga bakuna para sa mga bago mag tin-edyer at mga tin-edyer

<https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/Immunization/School/resources-parents.aspx>



American Academy of Pediatrics

Mga iskedyl para sa lahat ng inirerekomenda na bakuna mula sa kapanganakan hanggang sa 18 taon

[AAP.org/Iskedyl ng Pagbabakuna](https://www.aap.org/Iskedyl-ng-Pagbabakuna)



Mga Iniksyon Para sa mga Paaralan

Mga kinakailangan sa pagbabakuna at mga regulasyon ng California

<https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/Immunization/School/shotsforschool.aspx>



Kampeon sa Pagbabakuna

Ang Sertipikong ito ay Ipinagkakaloob
kay/kina: _____

Pangalan: _____

Petsa: _____

Salamat sa pagpapanatiling napapanahon sa mga karaniwang at
inirerekomandang bakuna, at sa pagtulong na mapangalagaan
ang iyong sarili, ang iyong pamilya, at ang paaralan mula sa
karamdaman at sakit!




Kampeon sa Pagbabakuna

Ang Sertipikong ito ay Ipinagkakaloob kay/kina:

Petsa: _____

Salamat sa pagpapanatiling napapanahon sa mga karaniwang
at inirekomendang bakuna, at sa pagtulong na
mapangalagaan ang iyong sarili, ang iyong pamilya, at ang
paaralan mula sa karamdaman at sakit!





Updated December 2025